



Sumaryo ng Patakaran

1 Introduksyon

Ang emosyonal, pisikal at espirital na kaligtasan, kapakanan at dignidad ng mga Bata ay mahalagang bahagi ng mga turo at simulain ng Simbahang Katoliko.

Pinahahalagahan at tinatanggap ng Arkidiyosesis ang mga Bata anuman ang kanilang pinagmulan at naniniwalang dapat na batid ng, at nakikibahagi, ang mga Bata at ang kanilang mga pamilya sa mga desisyong nakakaapekto sa kanila.

Lubusang nakatuon ang Arkidiyosesis sa pagtitiyak ng kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng Bata, at kinikilala nito ang mahalagang legal, moral at espirital na responsibilidad nito sa paggawa ng ligtas at mapag-arugang kapaligiran para sa mga Batang iyon. Wala itong pinahihintulatang pang-aabuso o pang-aapi sa mga Bata o diskriminasyon laban sa mga Bata. Sinisikap ng Arkidiyosesis na panatilihin ang organisasyonal na kultura ng paggalang para sa mga Bata at sa mga opinyon, karapatan, kaligtasan at kapakanan ng mga Bata.

Sa pagtupad ng responsibilidad na ito, binuo ng Arkidiyosesis **ang Patakaran sa Pangangalaga ng Bata ng Arkidiyosesis na binubuo ng Sumaryong ito, Alituntunin ng Paggawi, at kaugnay na mga dokumentong patnubay, ulat, protokol at pamamaraan**. Sa mga dokumentong ito, ang Patakaran ng Arkidiyosesis sa Pag-iingat sa mga Bata ay tutukuyin nang maikli bilang "Ang Patakaran".

Ang mga protokol at pamamaraang bumubuo ng Patakaran ay nagtutulungan upang protektahan ang mga Bata mula sa kapahamakan at makatugon nang mabilis at angkop sa bihira subalit nakalulungkot na mga pangyayari kung saan ang mga Bata ay napahamak o nanganganib na mapahamak. Binuo ang Patakaran na pangunahing isinasaalang-alang ang ikabubuti ng Bata, at kinikilala nito ang iba't-ibang kalagayan ng Bata, karanasan at pinagmulan (kabilang ang pinagmulang kultura at wika) na maaaring magdagdag sa pagiging madaling mapahamak ng Bata. Sinisikap nitong tiyakin ang kaligtasan, kapakanan at dignidad ng mga Bata sa loob ng mga parokya at ahensiya ng Arkidiyosesis gayundin sa labas ng kapaligiran ng Simbahan, kung sakali mang mapag-alaman ng isang miyembro ng Arkidiyosesis ang isang bagay na nakababahala.

Karagdagan pa, sinasaklaw ng Patakaran ang likas na mga simulain ng Simbahang Katoliko at kinakatawan at ibinabahagi nito ang aming mga turo at pilosopiya na may kinalaman sa kaligtasan ng bata sa mas malawak na komunidad. Kabilang dito ang paglalaan ng suporta, edukasyon at pagsasanay sa mga taong nakikipag-ugnayan sa mga Bata sa loob ng Arkidiyosesis upang kumilos sila nang naaangkop kasama ng mga Bata, upang tiyaking napoprotektahan ang mga Bata mula sa mga panganib ng kapahamakan at pang-aabuso, at upang tiyaking nadarama ng mga Bata na ligtas nilang maiuulat ang mga pangamba nila tungkol sa kanilang sariling kaligtasan at kapakanan.

Naglalaman ang dokumentong ito ng sumaryo ng mga inaasahan at mga isinasagawa ng Arkidiyosesis sa pag-iingat sa mga Bata, at dapat itong basahin kasama ng buong Patakaran.

2 Kanino kapit ang Patakaran?

Naniniwala ang Arkidiyosesis na sama-samang pananagutan ng lahat ng nasa hustong gulong na nauugnay sa Arkidiyosesis na tiyakin ang kaligtasan at kapakanan ng mga Batang may kaugnayan sa mga parokya at ahensiya ng Arkidiyosesis.

Kapit ang Patakarang ito sa lahat ng Klero, Itinalaga ng Relihiyon, Empleyado, kontratista at Boluntaryo sa mga parokya at ahensiya ng Arkidiyosesis na may, o inaasahang magkakaroon, ng pakikipag-ugnayan sa mga Bata sa kanilang mga aktibidad. Kapit din ito sa mga estudyanteng naroon kung ito ay magaganap sa mga parokya at ahensiya namin. Para sa mga layunin ng Patakaran, ang mga estudyanteng nakatalaga ay isasama sa terminong "Mga Boluntaryo".

Ang Patakarang ito ay hindi kapit sa Sydney Catholic Schools at CatholicCare, na may sarili nilang sistema ng pag-iingat sa Bata.

3 Mga Tungkulin at responsibilidad

Ang lahat ng Kura Paroko, Pinuno ng Ahensiya, Klero, Itinalaga ng Relihiyon, Empleyado, Boluntaryo at kontratista na may pakikipag-ugnayan sa mga Bata ay may responsibilidad na tumulong sa pagtitiyak ng kaligtasan, kapakanan at dignidad ng mga Batang iyon.

Sa paggawa nito, kabilang sa mga pangunahing responsibilidad ang:

- pagiging mapagkalinga, magalang at mahabagin sa mga Bata;
- pagsunod sa lahat ng legal na kahilingang may kaugnayan sa pag-iingat sa Bata, kasama ang:
 - pagsunod sa anumang kaugnay na obligasyon sa pagpili; at
 - pag-uulat sa mga ikinababahalang bagay na may kaugnayan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng mga Bata sa angkop na indibidwal, kabilang ang Pulisya ng NSW, kung angkop;
- pakikipagtulungan sa anumang panloob o panlabas na imbestigasyong may kaugnayan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng isang Bata o mga Bata; at
- Pagsunod sa Patakaran, kasama ang sumaryong ito, at paglagda at pagsunod sa Alituntunin ng Paggawi.

Ang mga pangunahing indibidwal at tanggapanang may responsibilidad sa pag-aasikaso sa pag-iingat sa Bata sa Arkidiyosesis ay ang Arsobispo, ang Bikaryo Heneral at ang Tanggapan ng Pag-iingat, na pinangangasiwaan ng Bikaryo Heneral. Responsibilidad din ng mga Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ang pag-aasikaso ng Mga Reklamo sa Pag-iingat na bumangon sa indibidwal na mga ahensiya ng Arkidiyosesis. Ang mga tungkulin at responsibilidad ng bawat isa sa mga taong iyon ay nakabalangkas sa *Chart of Archdiocesan Child Safeguarding Roles and Responsibilities*.

Bilang karagdagan sa mga pangunahing responsibilidad na nakatakda sa itaas, ang Arsobispo, Bikaryo Heneral, Tanggapan ng Pag-iingat, mga Kura Paroko, Pinuno ng Ahensiya, Empleyado, Boluntaryo at kontratista ay may tungkuling protektahan ang mga Bata mula sa mga Salang Pang-aabuso sa Bata. Kasama dito ang pagsasagawa ng mga hakbang upang mabawasan o maalís ang mga panganib ng mga Salang Pang-aabuso sa Bata na nagawa laban sa mga Batang may kaugnayan sa mga parokya at ahensiya ng Arkidiyosesis gaya ng karagdagang idinedetalye sa *Protocol: Reducing or Removing Risks of Child Abuse*.

4 Pagpili sa mga taong nagtatrabaho kasama ng Mga Bata

Sa ilalim ng *Child Protection (Working With Children) Act 2012 (NSW)*, kukuha muna ng mga Check sa Working With Children Checks ang mga Manggagawa bago sila makibahagi sa Trabahong may Kaugnayan sa Bata. Ang *Child Protection (Working With Children) Act 2012 (NSW)* ay pinangangasiwaan ng Tanggapan ng Tagapangalaga ng mga Bata sa NSW.

Sa ilalim ng *Child Protection (Working With Children) Act 2012 (NSW)*, ang indibidwal na nag-eempleyo o kung hindi man ay pinakikipag-ugnayan ang mga Manggagawa ay hinihilingang beripikahin ang bawat isa sa mga Manggagawang nagtataglay ng may-bisang Working With Children Check bago nila umpisahan ang Trabahong may Kaugnayan sa Bata. Ang kabiguan sa paggawa noon ay mappapatawan ng malaking multa.

Pansinin: Ang mga kontratista (maliban sa mga independiyenteng kontratista) ay responsable para sa pagpili ng sarili nilang mga Manggagawa. Kahilingan ng pamantayang kontrata ng Arkidiyosesis sa mga kontratista na isagawa nila ang pagtalima sa mga obligasyon nila sa pagpili. Para sa karagdagang patnubay, tingnan ang *Guide to Dealing with Volunteers and Contractors*.

Bukod sa kahilingan sa isang wastong Working With Children Check, hinihiling din ng Arkidiyosesis na ang mga Empleyado, Boluntaryo at mga independiyenteng kontratista sa mga tungkuling may kaugnayan sa Bata na sumailalim sa isang masinsinang proseso ng pagrerekrut upang masuri ang kanilang pagiging angkop na magtatrabaho kasama ng mga Bata.

Kasama sa prosesong iyan ang pagtatanong ng partikular na mga katanungang pang-interbyu, kabilang ang mga katanungang batay sa pag-uugali na espesipikong nauugnay sa mga Bata, pagsusuri sa mga sanggunian nila upang matukoy kung nakibahagi na ba sila sa paggawi na maaaring maging paglabag sa Patakarang ito o sa Alituntunin ng Paggawi. Ang detalyadong mga protokol, pamamaraan at dokumentong patnubay ng Arkidiyosesis na may kaugnayan sa pagpili ay:

- *Protocol: Screening Workers*
- *Guidance document: What is Child-Related Work?*
- *Flowchart: Screening Workers*
- *Fact sheet: What is Child-Related Work?*
- *Fact sheet: Dealing with Volunteers and Contractors*
- *Protocol: Dealing with Volunteers and Contractors*

(Pansinin na bilang karagdagan sa isang Working With Children Check,) maaaring hilingin ng Arkidiyosesis ang National Crime History para sa partikular na mga Manggagawa sa pana-panahon depende sa katangian ng kanilang partikular na tungkuling may kaugnayan sa Bata.

5 Pag-uulat ng Mga Krimeng Dapat na Isumbong sa Pulisya ng NSW

Sa ilalim ng *Crimes Act 1900 (NSW)*, isang paglabag ang pagtatago sa mga Krimeng Dapat na Isumbong. Kailangang iulat sa Pulisya ng NSW ang mga Krimeng Dapat na Isumbong, at patakaran ng Arkidiyosesis na iulat ang mga iyon sa tulong ng Tanggapan ng Pag-iingat. Ang kabiguan sa paggawa noon ay maaaring mapatawan ng mga multa.

Sa pangkalahatan, kabilang sa Mga Krimeng Dapat na Isumbong na may kaugnayan sa mga Bata ang:

- Pisikal na Pagsalakay sa Bata;
- seksuwal o mahalay na pagsalakay sa Bata;
- anumang Seksuwal na Gawain o Seksuwal na Panghihipo sa Bata;
- Pag-aayos sa Bata para sa Seksuwal na Aktibidad na labag sa batas;
- ang pagtataglay, pamamahagi o paggawa ng Materyal ng Pang-aabuso sa Bata, kung saan kabilang ang pornograpiya sa Bata at anumang materyal na nagpapakita sa Bata bilang biktima ng pagpapahirap o kalupitan; at
- ang pagrerekord o pamamahagi ng Maseselang Larawan nang walang pahintulot.

Ang detalyadong mga protokol, pamamaraan at dokumentong patnubay ng Arkidiyosesis na may kaugnayan sa mga Krimeng Dapat na Isumbong ay:

- *Protokol: Pag-uulat ng mga Krimeng Dapat na Isumbong sa Pulisya ng NSW*
- *Dokumentong Patnubay: Ano ang bumubuo sa Krimeng Dapat na Isumbong?*
- *Talaan ng mga Krimeng Dapat na Isumbong*
- *Flowchart: Pag-uulat sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Ano ang Krimeng Dapat na Isumbong?*
- *Protokol: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*

6 Pag-uulat ng Tagapag-alaga ng Mga Bata tungkol sa mga di-angkop na paggawi ng Empleyado sa Pulisya ng NSW

Sa ilalim ng NSW Office of the Children's Guardian Act, kinakailangang iulat sa NSW Office of the Children's Guardian Act ng ulo ng kaugnay na entidad ang mga Alegasyong Dapat na Isumbong o paratang na maaaring maging mga Paratang na Dapat Isumbong na may kinalaman sa mga empleyado (tulad ng tinukoy sa Children's Guardian Act 2019 (NSW)). Napakalawak ng kahulugan ng mga empleyado sa NSW Office of the Children's Guardian Act at kabilang dito ang mga Empleyado, Boluntaryo, kontratista, Klero, Itinalaga ng Relihiyon, at sinumang nagtataglay o hinihilingang magtaglay ng Working With Children Check para sa mga layunin ng pakikipag-ugnayan sa Arkidiyosesis, kahit pa ang mga kalagayan kung saan ang tungkulin ng indibidwal ay walang harapan o pisikal na pakikipag-ugnayan sa mga Bata.

Ang mga Alegasyong Dapat na Isumbong at mga paratang na maaaring maging mga Hatol na Maaaring Isumbong ay ang mga alegasyon o hatol na krimen sa mga Paggawing Dapat na Isumbong, kasama ang:

- anumang seksuwal na pagkakasala;
- mahalay na paggawi;
- pagmamalupit sa Bata;
- pagpapabaya sa Bata;
- pagsalakay laban sa Bata;
- pagkakasala sa ilalim ng s 43B ng *Crimes Act 1900* (NSW) dahil sa pagkabigong bawasan o alisin ang panganib ng pagiging biktima ng Bata sa pang-aabuso;

- pagkakasala sa ilalim ng s 316A ng *Crimes Act 1900* (NSW) dahil sa pagtatago ng Salang Pang-aabuso sa Bata; at
- anumang pagawi na nagdudulot ng malaking emosyonal o sikolohikal na pinsala sa Bata.

Ang mga Alegasyong Dapat na Isumbong at mga paratang na maaaring maging mga Paratang na Dapat Isumbong, ay nagsasaklaw ng paggawing nangyayari kapwa sa trabaho ng empleyado sa Arkidiyosesis at sa labas ng kanilang trabaho.

Ang mga Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ay may pananagutan sa pag-uulat ng anumang Alegasyong Dapat na Isumbong o hatol na maaaring maging Hatol na Dapat na Isumbong sa loob ng kanilang mga parokya at ahensiya patungo sa Tanggapan ng Pag-iingat. Itinalaga ng Arsobispo, na responsable sa pag-aabiso sa NSW Office of the Children's Guardian ng anumang Paggawing Dapat na Isumbong, ang kaniyang awtoridad para sa pag-uulat sa Tanggapan ng NSW sa Children's Guardian sa Bikaryo Heneral, na siya namang sinusuportahan ng Tanggapan ng Pag-iingat na nag-uulat ng Paggawing Dapat na Isumbong sa NSW Office of the Children's Guardian.

Ang detalyadong mga protokol, pamamaraan at dokumentong patnubay na may kaugnayan sa pag-uulat ng di-angkop na paggawi ay:

- *Protokol: Pag-uulat ng mga Paggawing Di-angkop sa NSW Office of the Children's Guardian*
- *Dokumentong Patnubay: Anong Paggawi ang Dapat na Isumbong sa NSW Office of the Children's Guardian?*
- *Flowchart: Pag-uulat sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Anong mga Paggawi ang Dapat na Isumbong sa NSW Office of the Children's Guardian?*
- *Protokol: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*

7 Pag-uulat sa Kagawaran ng mga Komunidad at Hustisya tungkol sa Batang Nanganganib na Lubhang Mapahamak

Under the *Children and Young Persons (Care and Protection) Act 1998* (NSW), certain persons who work with Children, including Clergy, agency and parish workers (paid and unpaid) in child related roles are mandatory reporters and therefore under an obligation to make a report to the Department of Communities and Justice if they have reasonable grounds to suspect a Child is, or may be, at Risk of Significant Harm. Mandatory reporting obligations apply to persons in religious ministry or persons providing religion based activities to children wholly or partly to children as part of their professional work or other paid employment and those in management positions in organisations that deliver those services. Sa ilalim ng *Children and Young Persons (Care and Protection) Act 1998* (NSW), ang ilang partikular na mga indibidwal na nagtatrabaho kasama ng mga Bata, kabilang ang Klero, mga manggagawa sa ahensiya at parokya (may sweldo o wala) sa mga tungkuling may kaugnayan sa Bata ay mga mandatoryong tagapag-ulat at sa gayon ay may pananagutang mag-ulat sa Kagawaran ng mga Komunidad at Hustisya kung mayroon silang makatuwirang batayan upang maghinala na ang isang Bata ay, o maaaring maging, Nanganganib na Lubhang Mapahamak. Ang mga obligasyon sa mandatoryong pag-uulat ay kapit sa lahat ng indibidwal sa relihiyosong ministeryo o mga indibidwal na naglalaan ng mga aktibidad na batay sa relihiyon sa mga bata sa kabuuan o sa ilang mga bata bilang bahagi ng kanilang propesyonal na trabaho o iba pang may-bayad na pagtatrabaho at sa mga nasa posisyon ng pangangasiwa sa mga organisasyong naghahatid ng mga serbisyong iyon.

Dapat na mag-ulat ang mandatoryong tagapag-ulat kapag mayroon silang makatuwirang batayan na maghinala na ang isang bata o kabataan ay nanganganib na mapinsala nang malubha at ang mga batayang iyon ay bumangon sa lawig ng, o mula sa kanilang trabaho o tungkulin. Ang mga mandatoryong tagapag-ulat sa loob ng Arkidiyosis kasama ang lahat ng Klero, Kawani ng Relihiyon, Empleyado, Boluntaryo at kontratista ay mag-uulat sa kanilang Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ng mga ikinababahala na ang isang Bata ay maaaring Nanganganib na Mapinsala nang Malubha. Kinakailangang iparating ng mga Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ang mga ulat na iyon sa Tanggapan ng Pag-iingat, na siyang responsable sa pag-aabiso ng kaugnay na mga bagay sa Kagawaran ng mga Komunidad at Hustisya.

Ang Bata ay Nanganganib na Lubhang Mapahamak kung ang kasalukuyang ikinababahala ay umiiral sa kaligtasan, kapakanan o kabutihan ng batang iyon dahil sa pagkakaroon, sa paanuman, ng isa o higit pa sa mga sumusunod na mga kalagayan:

- ang pangunahing pisikal o sikolohikal na mga pangangailan ng Bata ay hindi natutugunan o nanganganib na hindi matugonan;
- ang mga magulang o tagapangalaga ng Bata ay hindi nagsaayos at walang kakayahan o ayaw gumawa ng kaayusan para makatanggap ang Bata ng kinakailangang medikal na pangangalaga;
- sa kaso ng Bata na kinakailangang pumasok sa paaralan, ang mga magulang o tagapangalaga ay hindi nagsaayos at walang kakayahan o ayaw gumawa ng kaayusan para makatanggap ang Bata ng edukasyon;
- ang Bata ay nanganganib, o nanganganib na maabuso o mapagmalupitan nang pisikal o seksuwal, kahit pa pinahintulutan nila ito;
- ang Bata ay nakatira sa sambahayan kung saan nagkaroon ng mga insidente ng karahasan sa tahanan at, bilang resulta, ang Bata ay nanganganib sa pisikal o sikolohikal na pinsala; at
- ang magulang o iba pang tagapangalaga ay gumawi sa paraang nagdusa ang Bata, o nanganganib na magdusa, ng malubhang sikolohikal na pinsala.

Ang *Children and Young Persons (Care and Protection) Act 1998 (NSW)* ay naglalaan din ng mekanismo para sa mga boluntaryong pag-uulat na gagawin kung saan mayroong makatuwirang batayan na maghinalang ang Bata ay nanganganib, o maaaring maging Nanganganib na Lubhang Mapahamak. Sinusunod ng Arkidiyosis ang gawaing ito at hinihilingan ang lahat ng Klero, Itinalaga ng Relihiyon, Empleyado, Boluntaryo at kontratista na iulat sa kanilang Kura Paroko at mga Pinuno ng Ahensiya ang mga pangambang ang Bata ay Nanganganib na Lubhang Mapahamak. Ang mga Kura Paroko at mga Pinuno ng Ahensiya ay hinihilingng iparating ang mga ulat na iyon sa Tanggapan ng Pag-iingat, na siyang responsable sa pag-aabiso ng mga kaugnay na bagay sa Kagawaran ng mga Komunidad at Hustisya.

Ang detalyadong mga protokol, pamamaraan at dokumentong patnubay na may kaugnayan sa pag-uulat ng Mga Batang Nanganganib na Lubhang Mapahamak ay:

- *Protokol: Pag-uulat ng Batang Nanganganib na Lubhang Mapahamak sa Kagawaran ng mga Komunidad at Hustisya*
- *Dokumentong Patnubay: Kailan Nanganganib ang Bata na Lubhang Mapahamak?*
- *Flowchart: Pag-uulat ng mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Kailan Nanganganib ang Bata na Lubhang Mapahamak?*

8 Pag-iimbestiga at pagtugon sa mga Reklamo sa Pag-iingat na natanggap sa ilalim ng Patakarang ito

Kinikilala ng Arkidiyosesis ang kahalagahan ng pag-iimbestiga at pagsasagawa ng angkop na aksyong kaugnay ng mga Reklamo sa Pag-iingat na natanggap nito na may kinalaman sa paggawi ng mga Empleyado, Boluntaryo, kontratista, Klero at mga Itinalaga ng Relihiyon nito. Hinihilingan ng Arkidiyosesis ang mga parokya at ahensiya nito at ang mga Empleyado, Boluntaryo, kontratista, Klero at mga Kinatawan ng Relihiyon ng mga parokya at ahensiyang iyon, na lubusang tumalima sa anumang imbestigasyon sa mga Reklamo sa Pag-iingat kabilang ang pagiging kompidensiyal.

Kapag natanggap ang Reklamo sa Pag-iingat, aabisuhan ng Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya ang Tanggapan ng Pag-iingat na susuri sa Reklamo sa Pag-iingat upang matukoy kung iyon ba **ay malubha, di-gaanong malubha, o walang saysay o nakaliligalig o kaya naman ay walang kakayanan sa tugunan.**

Dapat na abisuhan **agad** ang Tanggapan ng Pag-iingat kung saan mayroong kagyat na panganib sa kaligtasan at kapakanan ng Batang nasasangkot o ng mga Bata sa pangkalahatan o kung saan ang Reklamo sa Pag-iingat ay maaaring maging Krimeng Dapat na Isumbong o kaya naman ay dapat na isumbong sa mga awtoridad. Kung mayroong kagyat na panganib sa kaligtasan at kapakanan ng Batang nasasangkot o sa mga Bata sa pangkalahatan, tutulungan ng Tanggapan ng Pag-iingat ang Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya na magsagawa ng kinakailangang mga hakbang upang tiyakin ang kaligtasan ng Bata o mga Bata.

Kung ang Reklamo sa Pag-iingat ay bumubuo sa isang Krimeng Dapat na Isumbong, iuulat ng Tanggapan sa Pag-iingat ang Reklamo sa Pag-iingat sa Pulisya ng NSW (at sa anumang kaugnay na awtoridad) at maglalaan ng kopya sa Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya.

Itatala ng Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya ang mga detalye ng Reklamo sa Pag-iingat at ibibigay ito agad sa Tanggapan ng Pag-iingat.

Kung malubha ang Reklamo sa Pag-iingat, pangangasiwaan ito ng Tanggapan ng Pag-iingat; kung hindi ito gaanong malubha, ibabalik ito ng Tanggapan ng Pag-iingat sa Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya na nangangasiwa dito (maliban kung hindi ito angkop sa anumang kadahilanan).

Isasaalang-alang ng Tanggapan ng Pag-iingat sa iba't-ibang batayan kung ang Reklamo sa Pag-iingat ay walang saysay o nakaliligalig, o may kakayanan sa pagtugon ng Arkidiyosesis.

8.1 Malulubhang Reklamo sa Pag-iingat

Kapag natanggap ng Tanggapan ng Pag-iingat ang pahintulot mula sa Pulisya ng NSW, ang Bikaryo Heneral, na may tulong mula sa Tanggapan ng Pag-iingat ay mag-uutos ng panlabas na imbestigasyon kung ang reklamo sa Pag-iingat ay maituturing na malubha. Ang Tanggapan ng Pag-iingat ay hindi direktang makikipag-ugnayan sa Bata, sa mga magulang ng Bata o sa Tagatugon o kaya ay gagawa ng karagdagang hakbang na may kaugnayan sa Reklamo sa Pag-iingat maliban kung natanggap nito ang pahintulot ng Pulisya ng NSW para gawin iyon.

Kung ang Tagatugon ay isang miyembro ng Klero o isang Itinalaga ng Relihiyon, pagpapasiyahan ng Bikaryo Heneral kung ang Reklamo sa Pag-iingat ay may 'anyo ng katotohanan' sa ilalim ng batas kanoniko at kung ipagpapatuloy ang paunang imbestigasyon sa ilalim ng batas kanoniko.

Habang nakabinbin ang resulta ng panlabas na imbestigasyon, maaaring alisin muna ang Tagatugon mula sa kaniyang posisyon o mga tungkulin kung saan maaari silang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Bata o mga Bata o kaya naman ay maaaring baguhin ang kanilang mga tungkulin upang hindi sila mapahintulatang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga Bata.

Aabisuhan ng Tanggapan ng Pag-iingat ang mga senior manager, Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya tungkol sa resulta ng imbestigasyon. Bilang resulta ng ulat at mga natuklasan ng imbestigador, isasaalang-alang ng Bikaryo Heneral ang mga pagdidisiplina at anumang karagdagang hakbang. Kung ang Tagatugon ay miyembro ng Klero, isasaalang-alang ng Bikaryo Heneral ang karagdagang hakbang sa ilalim ng batas kanoniko. Kung ang Tagatugon ay isang Itinalaga ng Relihiyon, sasangguni ang Bikaryo Heneral sa ulat ng imbestigador sa Probinsiyal o Superyor upang maisaalang-alang ang anumang karagdagang hakbang sa ilalim ng batas kanoniko. Maaaring humiling ng payo ang Bikaryo Heneral sa Independent Safeguarding Panel sa pagbuo ng kanyang pasiya.

8.2 Mga Reklamo sa Pag-iingat na Di-gaanong Malubha

Kung ang Reklamo sa Pag-iingat ay itinuturing na di-gaanong malubha, magsasagawa ng hakbang ang Kura Paroko o Pinuno ng Ahensiya upang tumugon sa, at lutasin, ang Reklamo sa Pag-iingat na di-gaanong malubha.

Ang detalyadong mga dokumento sa protokol, pamamaraan at patnubay ng Arkidiyosesis na may kaugnayan sa pangangasiwa ng mga Reklamo sa Pag-iingat at ang mga:

- *Flowchart: Pag-uulat ng mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Form: Pag-uulat ng mga Detalye ng Reklamo sa Pag-iingat*
- *Fact sheet: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Flowchart: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
- *Protokol: Pangangasiwa sa mga Reklamo sa Pag-iingat*
 - *Form: Paunang Pagsusuri sa Reklamo sa Pag-iingat*
 - *Guidance Template for Notifying Parishioners of a Serious Safeguarding Complaint Resulting in Standing Aside the Respondent*
 - *Pro Forma Letter of Appointment to an External Investigator*

9 Suporta para sa mga biktima at nakaligtas at tagatugon

Kinikilala ng Arkidiyosesis ang kahalagahan ng paglalaan ng suporta, tulong, at katiyakan sa Kabataang nakaranas ng Pang-aabuso o nanganganib o naisapanganib ang kanilang kaligtasan at kapakanan. Nauunawaan din nito na maaaring mangailangan ang mga nasa hustong gulang ng suporta, tulong o katiyakan, kung ang kanilang mga Anak ay nakaranas ng Pang-aabuso o may kaugnayan sa mga karanasan nila mula sa kanilang pagkabata.

Natatangi ang bawat sitwasyon, at mahalagang humanap ng payo at suporta ang mga Kura Paroka, Pinuno ng Ahensiya, Empleyado, Boluntaryo, Klero at mga Itinalaga ng Relihiyon mula sa Tanggapan ng Pag-iingat kung hindi sila sigurado kung anong suporta ang dapat na ialok:

- Kung saan ang bata ay nag-ulat o kinumpirmang nakaranas sila ng pang-aabuso o ang kanilang kaligtasan o kapakanan ay naisapanganib. Mahalagang tiyakin sa Bata na ginawa nila ang tama sa pagsusumbong at na sila ay pinaniniwalaan.
- Kung mayroong kasalukuyang panganib sa Bata, mahalagang gumawa ng kagyat na mga hakbang upang matiyak ang kaligtasan at kapakanan ng Bata, kanilang ang pag-alis sa kanila mula sa mga nasasangkot na panganib.
- Maaaring maging mahalaga na makatanggap ang Bata at ang mga miyembro ng pamilya ng Bata ng counselling, medikal na tulong at iba pang propesyonal na suporta. Kung ang suporta sa ganitong uri ay kinakailangan, ang mga Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ay dapat na makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pag-iingat at/o sa Bikaryo Henreal upang makagawa ng angkop na kaayusan

10 Pagsasagawa ng mga pagsusuri sa panganib para sa mga pangyayari o aktibidad na nagsasangkot sa Kabataan

Nauunawaan ng Arkidiyosesis na kinakailangang tukuyin at magsagawa ng mga hakbang upang maiwasan o mabawasan ang anumang panganib sa Kabataan na maaaring maging sangkot sa mga aktibidad o pangyayaring isinaayos o isinagawa ng Arkidiyosesis, o ng mga parokya at ahensiya nito. Magiging sangkot sa masinsinang pagsusuri sa panganib ang pagtukoy sa kaugnay na mga panganib at pagpapatupad ng mga estratehiya upang tanggalin o pagaanin ang mga panganib na iyon. Kung ang isang panganib ay hindi maaalis o mapapagaan, dapat na isaalang-alang kung dapat bang ituloy ang pangyayari o aktibidad.

Pananagutan ng mga Kura Paroko at Pinuno ng Ahensiya ang pinal na sign-off/pagsang-ayon ng mga pagsusuri sa panganib na may kaugnayan sa mga aktibidad ng parokya o ahensiya na nagsasangkot sa mga Bata.

Ang mga Kura Paroko, Pinuno ng Ahensiya, Empleyado, Boluntaryo, kontratista, Klero at Itinalga ng Relihiyon, ay dapat na humingi ng payo mula sa Tanggapan ng Pag-iingatkung may mga katanungan sila o ikinababahala tungkol sa pagdaraos ng pagsusuri sa panganib para sa aktibidad o pangyayari kung saan maaaring nandoon ang mga Bata.

11 Pagsasanay at suporta

11.1 Pagsasanay

Kinikilala ng Arkidiyosesis na ang pagsasanay na may kaugnayan sa Patakarang ito ay mahalaga upang matiyak na:

- mayroong sapat na kabatiran sa mga isyu sa pag-iingat sa Bata;
- nauunawaan ang mga tuntunin para sa angkop na mga paggawi sa mga Bata at ang mga di-angkkop na paggawi ay kinikilala;
- nauunawaan ng bawat indibidwal ang kanilang obligasyon sa ilalim ng Patakarang ito, para sa pagtitiyak ng kaligtasan at kapakanan ng mga Bata (kabilang ang mga obligasyon sa pagpili at pag-uulat), at may kakayanang kumilos alinsunod dito; at
- naibangon ang kabatiran sa anumang pagbabago sa Patakarang ito

Ang pagsasanay sa pag-iingat sa Bata ay dapat na isagawa para sa mga indibidwal na magkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa, o inaasahang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa, mga Bata:

- **Induksyon para sa mga bagong Empleyado ng parokya at ahensiya:**

dapat na kabilang dito ang pagkumpleto ng modyul o sesyon sa pag-iingat sa Bata, na nagdadala sa mga Empleyado sa Patakarang ito.

- **Refresher training para sa mga Empleyado ng parokya at ahensiya:** ang lahat ng Empleyado ay dapat na regular na paglaanan ng refresher training sa pag-iingat sa Bata, na sumsaklaw sa Patakarang ito at nakatuon sa anumang mga update, susog, o isyu na bumangon pagkatapos ng kanilang huling sesyon o pagsasanay.
- **Induksyon para sa mga Boluntaryo ng parokya at ahensiya:** Dapat na bigyan ang mga Boluntaryo ng sesyon ng induksyon sa pag-iingat sa Bata, na katulad ng induksyon para sa bagong kawani, subalit hindi kailangang maging kasing ekstensibo, depende sa uri ng kanilang tungkulin bilang mga Boluntaryo.
- **Refresher training para sa mga Boluntaryo ng parokya at ahensiya:** Dapat na imbitahang ang mga Boluntaryo na daluhan ang mga mga sesyon ng refresher training sa kawani.
- **Induksyon para sa mga kontratista:** depende sa kanilang tungkulin (hal. hindi para sa mga kontratistang hindi magkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga Bata), ihahatid sa mga kontratista ang sumaryo ng mga isyu sa pag-iingat sa Kabataan, na may pokus sa mga tuntunin para sa sa angkop na pakikipag-ugnayan sa Kabataan kasabay ng induksyon ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho.
- **Impormasyon para sa mga Bata:** Ang mga kabataang sangkot sa mga aktibidad sa mga parokya at ahensiya ay dapat na mapaliwanagan ng mga tuntunin para sa pakikibahagi sa mga aktibidad na iyon at kung sino ang dapat nilang kontakin kung sakaling nangangamba sila sa kanilang kaligtasan o sa kaligtasan ng ibang Bata. Dapat ay saklaw din nito ang mga tuntunin sa pakikipag-ugnayan ng Bata-sa-Bata at maglaan ng oportunidad sa Kabataan na sabihin ang mga opinyon nila sa pagpapanatili ng kanilang kaligtasan at kapakanan.

Makikibahagi din sa refresher training ang Arsobispo, Bikaryo Heneral, mga taong nagtatrabaho sa Tanggapan ng Pag-iingat, Kura Paroko at mga Pinuno ng Ahensiya.

11.2 Suporta

Ang mga mungkahi at suporta sa pag-iingat sa bata ay maaaring makuha anumang oras sa Tanggapan ng Pag-iingat. Kung angkop, maaaring makakuha ng karagdagang mungkahi mula sa Arkidiyosesis, at kung angkop, sa Pangkalahatang Payo ng Arkidiyosesis.

12 Record keeping and sharing

Kahilingan kapwa ng *Children's Guardian Act 2019* (NSW) at ng WWC Act bang partikular na ingatan ang partikular na mga rekord na kaugnay ng pag-iingat sa Bata upang ma-audit ng NSW Office of the Children's Guardian. Karagdagan pa, ang *Children's Guardian Act 2019* (NSW) at *Children and Young Persons (Care and Protection) Act 1998* (NSW) ay naglalaman ng mga mekanismo para ibahagi ang partikular na mga rekord sa pagitan ng pamahalaan at mga non-government agency.

Hinihiling din ng Arkidiyosesis ang detalyado at na-update na mga rekord na may kaugnayan sa Mga Bata at pag-iingat sa Bata ay itago sa mga parokya at ahensiya upang makatulong sa anumang katanungan o imbestigasyon hinggil sa pag-iingat sa Bata sa hinaharap. Kahilingan ng Arkidiyosesis na maging kumpleto at tumpak ang mga rekord na iyon, at panatilihin nang permanente.

Sa mga pagkakataon kung saan ang Nagrereklamo ay ang paksa ng mga rekord na iniingatan ng Arkidiyosesis, ang mga parokya at ahensiya nito, ay humihiling ng access sa mga rekord na iyon, dapat ibigay sa kanila ang lubusang pag-access. Ang mga taong akusado ng anumang Opensang Pang-aabuso s bata o mga tao na sa paanuman ay iniimbestigahan ng panlabas na awtoridad ng Estado o ng Arkidiyosesis (ito man ay panlabas o panloob na imbestigasyon), ay hindi agad bibigyan ng access sa mga rekord na may kaugnayan sa kanila. Hahawakan ng Arkidiyosesis at ng mga ahensiya ang personal na impormasyon alinsunod sa Patakaran sa Pribasiya ng Arkidiyosesis sa <https://www.sydneycatholic.org/terms-and-conditions/#privacy>.

Ang detalyadong mga protokol at pamamaraan ng Arkidiyosesis na kaugnay ng pagtatago at pamamahagi ng mga rekord sa pag-iingat ng Bata ay:

- *Protokol: Pagtatago at pamamahagi ng mga Rekord sa Pag-iingat ng bata*
- *Fact sheet: Pagtatago at pamamahagi ng mga Rekord sa Pag-iingat ng Bata*

13 Iba pang materyal sa pag-iingat ng Bata

Bilang karagdagan sa mga nakalista sa Patakarang ito, taglay din ng Arkidiyosesis ang sumusunod na mga protokol at pamamaraan sa pagpoprotekta, upang maglaan ng patnubay sa angkop at di-angkop na mga paggawi sa mga Bata:

- *Fact sheet: Mga Paggawing Hinihimok na Gawin at Iwasan*
- *Protokol: Paggamit ng social media at teknolohiya para makipag-ugnayan sa mga Bata*
- *Fact sheet: Paggamit ng social media at teknolohiya para makipag-ugnayan sa mga Bata*
- *Fact Sheet ng Cyberbullying*
- *Protokol: Paggamit ng alkohol, tabako at iba pang droga*
- *Fact sheet: Paggamit ng alkohol, tabako at iba pang droga*

14 Pagsusuri sa Patakaran

Regular na susuriin ng Arkidiyosesis ang Patakaran at Alituntunin ng Paggawi upang matukoy ang anumang modipikasyon na maaaring kailanganin para mapabuti ang pag-iingat ng Mga Bata. Isasaalang-alang nito ang mga opinyon ng mga Bata sa paglilinang at pagbuo ng Patakarang ito at ang mga materyal nito sa pag-iingat ng Bata.

Makikita sa website ng Arkidiyosesis ang anumang pagbabago sa Patakaran, sa page ng Tanggapan ng Pagpoprotekta.